FABalita
OPISYAL NA BUWANANG PAHAYAGAN NG AUTHORITY OF THE FREEPORT AREA OF BATAAN
freeportareaofbataan | freeportareaofbataan | info@afab.gov.ph | #WEareFAB

*"Malalim po ang aking paniniwala sa husay ng ating mga manggagawa gayundin sa potensyal at mga oportunidad sa FAB at Bataan. Malayo na po ang ating narating, pero malayo pa ang ating lalakbayin."*

# Administrator Pangandaman, dumalo sa SONA ng Pangulong Marcos

Dumalo si Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman sa paglalahad ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. ng kaniyang ikalawang State of the Nation Address (SONA) noong ika-24 ng Hulyo 2023 na idinaos sa Batasang Pambansa Complex, Quezon City.

Pinagbuklod ng nasabing gawain ang mga pulitiko't kapwa presidential appointees ni Administrator Pangandaman, kung saan nabuo rin ang mga makabuluhang alyansa na tutupad sa layuning isulong ang mabilis na progreso ng bansa.

Nakapaloob sa mandato ng AFAB ang agresibong paghihikayat sa mga mamumuhunan na magtatag ng kanilang negosyo sa loob ng Freeport Area of Bataan (FAB). Kaugnay nito, nasa prayoridad ni Administrator Pangandaman ang pagbibigay-direksyon sa FAB patungo sa pandaigdigang kalakalan.






AFAB Administrator Mohammed Hussein Pangandaman kasama ang mga prominenteng mambabatas at lider mula sa iba't ibang ahensya sa ilalim ng pamahalaang Marcos. ■

Matatandaang itinalaga ni Pangulong Marcos si Administrator Pangandaman bilang bagong tagapangasiwa ng AFAB kamakailan. Personal ring pinangunahan ng Pangulo ang kanyang panunumpa sa bagong katungkulan. ■

## Pagtutulungan sa pagitan ng PGB at AFAB, lalong paiigtingin



Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman at Special Assistant to the Administrator Augusto "Bing" H. Kimpo sa tanggapan ng Gobernador ng Bataan na si Jose Enrique S. Garcia III sa The Bunker, Balanga, Bataan ■

Bumisita si Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman kay Bataan Governor Jose Enrique S. Garcia III para sa isang dayalogo patungkol sa mga inihahandang pagtutulungan sa pagitan ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) at ng Provincial Government of Bataan (PGB).

Sa ilalim ng pangangasiwa ni Administrator Pangandaman, lalong pag-iigihin ang pagpaplano't pagtupad ng mga proyektong magpapausad sa kabuuang pag-unlad ng Freeport Area of Bataan (FAB) at ng lalawigan ng Bataan, kasabay ng pagpapabuti ng ugnayang politikal ng mga ito.

Samantala, nakipagpulong rin si Administrator Pangandaman kay Engr. Ricky Herrera - Bataan Provincial Assessor's Office Head - upang talakayin ang mga proyektong magsusulong sa isang mayabong na ekonomiyang pakikinabangan ng mga susunod pang henerasyon.

Suboknang panahon ang epektibong pagtutulungan sa pagitan ng AFAB at ng Pamahalaang Panlalawigan ng Bataan na nagdala sa lalawigan sa kaunlarang kasalukuyan nitong tinatamasa.

Patunay ito na may mahalagang papel ang mabuting pamamahala sa pagkakakilanlan ng Bataan, bilang may pinakamaraming economic zones, bukod pa sa pagkilala sa FAB bilang freeport zone na may pinakamabilis na progreso sa bansa. ■

# Potensyal na bagong site development sa FAB, binisita ni Admin Hussein



Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman sa ginanap na ocular visit sa loob ng Freeport. ■

**Binisita ni Administrator Mohammed Hussein P. Pangandaman ang ilang bahagi ng Freeport upang tingnan ang mga potensyal na lugar para sa mga bagong site development ng Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB).**

Inaasahang darami pa ang darating na mamumuhunan na magdadala ng kanilang negosyo sa Freeport Area of Bataan (FAB) na tiyak magbubunga ng mas marami pang hanapbuhay para sa mga manggagawa.

Bukod sa 95 na kumpanya na kasalukuyang nag-ooperate sa Freeport, nakikita rin ng AFAB ang malaking potensyal ng paghikayat sa mga negosyong nasa ilalim ng makabagong industriya tulad ng teknolohiya. Hangad ng AFAB na makasabay sa mga bagong kalakalan sa makabagong panahon.■

# Pagpapadali ng proseso ng Special Resident Retiree's Visa sa FAB, tinalakay



Mga kawani ng AFAB at PRA sa isang benchmarking activity hinggil sa pagpapaganda at pagpapabilis ng proseso ng Special Resident Retiree's Visa. ■

Nagpulong ang Authority of the Freeport Area of Bataan (AFAB) at Philippine Retirement Authority (PRA) upang bumuo ng pagtutulungang magpapabuti sa buhay ng mga retiradong mamumuhunan sa Bataan noong ika-13 ng Hulyo 2023 sa siyudad ng Makati.

Layon ng gawaing mapaganda at mapabilis ang pagpoproseso ng Special Resident Retiree's Visa bilang bahagi ng mandato nitong manghikayat ng mga mamumuhunang mamamalagi sa bansa.

Kabilang sa mga dumalo sina Atty. Michael Angelo P. Paderanga - AFAB Deputy Administrator for Operations, Gng. Donia G. Alonzo - Department Manager ng Community Services Department (CSD), CSD - FAB Residents Division Manager at staff, kasama ang mga kawani mula PRA kabilang sina Atty. Antonio V. Rivera - Department Manager ng Management Services Department, Atty. Jerome Carlo C. Castro - OIC ng Retiree Resident Servicing Division at staff.■

# FAB BITS



Dumalo sa pagsasanay ang mga kawani ng AFAB upang repasuhin ang pagpapatupad ng mga proyekto ng ahensya alinsunod sa Presidential Decree 1586 na nagbuo ng Philippine Environmental Impact Statement System (PEISS). Ang PEISS ay isinabatas upang makamit ang balanse sa pagitan ng maayos na kapaligiran at progreso sa bansa.■



Bukod sa pag-engganyo't pangangasiwa ng mga negosyo sa Freeport, nasa mandato rin ng AFAB ang siguraduhing may maayos na tirahan ang mga manggagawa kasama ang kani-kanilang mga pamilya. Bumisita kamakailan ang AFAB sa Government Arsenal upang kumuha ng mga halimbawa ng mahuhusay nitong kasanayan sa pangangasiwa ng residential units.■



Nagsagawa ang AFAB Labor Center ng isang pagsasanay para sa ilang mga manggagawa sa FAB patungkol sa usapin ng industrial peace. Dinaluhan ito ng National Conciliation and Mediation Board, FPF Management, at FPF Corp. Employees Union-PTGWO.■



Namigay ng food assistance ang AFAB sa mga evacuation centers sa Brgy. Maligaya, Malaya, at Camaya. Sa gitna ng patuloy na masamang panahon, hindi tumitigil ang AFAB disaster response team sa pagbibigay ng tulong sa komunidad. Matagumpay ang mga naging rescue operations nito sa ilang residente at mga flushing at cleaning operations sa iba't ibang bahagi ng FAB.■